## Ang Matalinong Hari

(1 Hari 3)



Noong unang panahon, sa mapayapang lugar ng Israel, may isang batang hari na nagngangalang Solomon. Si Solomon ay anak ng dakilang Haring David. Mahal na mahal ni Solomon ang Diyos at gusto niyang maging mabuting hari para sa kanyang mga tao.

Minsan isang gabi sa Gibeon, kinatagpo ng Diyos si Solomon sa pamamagitan ng panaginip. Tinanong ng Diyos kung ano ang nais niyang hilingin na ibigay sa kanya ng Diyos. Hiniling ni Solomon na pagkalooban siya ng Diyos ng karunungan upang malaman niya ang tama at mali, at upang mapamunuan ang kanyang nasasakupan ng tama. Nasiyahan ang Diyos ng marinig ito. Pinagkaloob Niya ang kahilingan ni Solomon. Bukod doon, binigyan din siya ng kayamanan, karangalan, at mahabang buhay kung patuloy siyang susunod sa Kanya.

Kumalat agad ang balita tungkol sa karunungan ni Solomon. Isang araw, may dalawang babae na lumapit kay Solomon na may malaking problema. Pareho silang nagsasabing sila ang ina ng isang sanggol. Maingat na nakinig si Solomon. Pagkatapos, nagkaroon siya ng isang matalinong ideya para malaman kung sino ang tunay na ina.

Sinabi niya, "Dalhan ninyo ako ng isang espada. Hahatiin ko ang sanggol at bibigyan ko kayo ng tig-kalahati." Ang unang babae ay sumigaw, "Huwag! Ibigay mo na lang ang sanggol sa kanya, huwag mo lang siyang saktan!" Habang ang ikalawang babae naman ay nagsabi, "Sige, hatiin mo na siya."

Alam ni Solomon na ang tunay na ina ay ang nais iligtas ang sanggol, kahit na ibig sabihin ay isusuko niya ito. Ibinigay ni Solomon ang sanggol sa unang babae, at lahat ay namangha sa karunungan ni Solomon.

Sa ilalim ng matalinong pamumuno ni Haring Solomon, ang lupain ng Israel ay naging mapayapa at masagana. Ang lahat ay nagkaroon ng paggalang at takot sa kanya. Nalalaman ng mga tao na mahal niya ang Diyos at ang karunungan na mula sa Diyos ay nasa kanya.

Ang Diyos ang pinagmumulan ng karunungan at patnubay sa buhay. Ang karunungan ng Diyos ay isang bagay na maaari mong hilingin at matanggap kung lalapit ka sa Kanya.

